



TOP END WOMEN'S LEGAL SERVICE INC.

FREE LEGAL ADVICE FOR WOMEN
Advice | Information | Referral | Advocacy

Kompensasyon para sa mga Biktima ng Krimen

Ang Victims of Crime Compensation (VOCC) ay isang sistema na nagbibigay-daan para makapaghabol ang mga tao ng pinansyal na kompensasyon at/o pagpapayo kung sila ay napinsala dahil sa isang marahas na kilos, nakasaksi ng marahas na kilos, o karelasyon ng biktima ng marahas na kilos.

Binibigyang-daan ng VOCC na kilalanin ng Pamahalaan ng Northern Territory (NT) ang epekto ng marahas na kilos sa biktima at/o sa karelasyong mga tao.

Ano ang isang marahas na kilos?

Isang krimen ang marahas na kilos, o tinangkang krimen, na ginawa sa NT na nagsanhi ng pinsala o pagkamatay.

Gayunpaman, hindi **lahat** ng mga pinsala o mararahas na kilos ay maaaring ipaghabol sa ilalim ng sistema ng VOCC; maaari ka lamang maghabol para sa mga tiyak na nakalista sa mga batas ng VOCC. Ang mga ito ay tinatawag na mga pinsalang mabibigyan ng kompensasyon at mga mararahas na kilos na mabibigyan ng kompensasyon.

Anong uri ng mga pinsala o mararahas na kilos ang maihabol ko sa ilalim ng VOCC?

Kabilang sa mga pinsala at mararahas na kilos na mabibigyan ng kompensasyon sa ilalim ng sistema ng VOCC ang:

- Mga pinsalang pisikal, gaya ng nabaling buto at pagpepeklat;
- Mga pinsala sanhi ng karahasan sa tahanan, kung saan may paulit-ulit na abuso;
- Mga pinsalang sikolohikal, gaya ng depresyon at post-traumatic stress disorder (kondisyon matapos ang nakaka-traumang stress); at
- Ilang mga sekswal na karahasan.

Maaari ka ring maghabol para sa pagkawala ng pananalapi, gaya ng kawalan ng sahod at mga gastusing medikal.

Sino ang makapag-aaplay para sa VOCC?

Lahat ng mga biktima ng marahas na kilos at/o mga taong karelasyon ng biktima sa NT ay maaaring mag-aaplay para sa VOCC. Maaari kang mag-aaplay kahit na ang nagkasala ay hindi pa naisasakdal at/o nahatulan ng krimen.

Ang uri ng aplikasyon para sa VOCC na dapat mong gawin, at ang halaga ng kompensasyong maaari mong matanggap, ay magdedepende kung ikaw ay **Pangunahin, Pangalawa, Kapamilya, o Karelasyong Biktima**;

- **Pangunahing Biktima:** isang tao na napinsala, o namatay, bilang direktang resulta ng marahas na kilos
- **Pangalawang Biktima:** isang tao na dumanas ng pinsala dahil nakasaksi ng marahas na kilos, o isang magulang o anak ng Pangunahing Biktima na dumanas ng pinsala makaraang mamalayan ang marahas na kilos
- **Kapamilyang Biktima:** asawa (partner), magulang, anak, o taong nagdedepende sa Pangunahing Biktima
- **Karelasyong Biktima:** isang kamag-anak o kapalagayang-loob ng Pangunahing Biktima, na hindi Kapamilyang Biktima (Punahin: Ang mga Karelasyong Biktima ay marapat lamang na mag-aaplay para sa pagpapayo at hindi sa pinansyal na tulong)

Sa mga sitwasyon ng pinansyal na paghihirap makaraan ang marahas na kilos, maaari kang mag-aaplay para sa **kagyat na pinansyal na tulong**.

Hindi ka maaaring mag-aaplay para sa VOCC kung:

- Ang iyong pinsala ay sanhi ng aksidente sa sasakyan, at maaari kang maghabol ng motor vehicle compensation (kompensasyon para sa de-motor na sasakyan);
- Ang iyong pinsala ay nangyari sa trabaho, at maaari kang maghabol ng worker's compensation (kompensasyon para sa manggagawa); o
- Ikaw ay humihiling na maghabol ng mga gastusing medikal na nasaklawan na ng pribadong seguro sa kalusugan.

Paano ako makapag-aaplay para sa VOCC?

Upang mag-aaplay para sa VOCC, dapat kang magsumite sa Crime Victims Services Unit (CVSU) ng nakumpletong form ng aplikasyon, pati rin ang anumang mga dokumentong pangsuporta na hawak mo na gaya ng mga ulat ng pulisya, mga rekord ng ospital, mga invoice (kuwenta), at mga kopya ng mga pay slip upang patunayan ang pinsala, kawalan at/o mga gastusin.

May hiwalay na mga form ng aplikasyon para sa VOCC depende sa uri ng iyong aplikasyon. Ang mga form ay makukuha sa website ng Kagawaran ng Attorney-General at Hustisya sa www.justice.nt.gov.au/justice-services/crime-victims-services-unit, sa paghiling sa CVSU, o sa pamamagitan ng isang abogado. Kapag nakumpleto na, maaari isumite ang aplikasyon para sa VOCC sa pamamagitan ng email, koreo, fax, o nang harapan.

Kung ikaw ay hindi nakatira sa Darwin at hindi ka makapagsumite ng iyong aplikasyon para sa VOCC sa ibang paraan, maaari mo itong isumite sa pinakamalapit na NT Local Court.

Dapat ka laging humingi ng legal na payo bago gumawa ng aplikasyon para sa VOCC – maaari kang tulungan ng isang abogado upang malaman ang pagiging karapat-dapat mo para sa kompensasyon at punan ang kailangang mga dokumento.



Limitasyon sa Panahon

Dapat kang mag-aaplay para sa VOCC sa loob ng dalawang (2) taon ng marahas na kilos.

Kung dumanas ka ng marahas na kilos at gagawa ka ng aplikasyon sa labas ng takdang panahong ito, maaari mong hilingin sa Direktor ng CVSU na tanggapin ang iyong aplikasyon; gayunpaman, ito ay maaaring tanggihan.

Gaano katagal bago matapos ang aking aplikasyon para sa VOCC?

Mahalagang malaman na ang mga aplikasyon para sa VOCC ay mangangailangan ng panahon para malutas – karaniwan ay mga apat (4) hanggang anim (6) na taon, at kung minsan ay mas matagal pa.

Mas mabilis ang mga aplikasyon para sa kagyat na pinansyal na tulong, kadalasan ay inaabot sa pagitan ng tatlong (3) linggo hanggang tatlong (3) buwan bago matapos.

Kailangan ko ng agarang pinansyal na tulong – marapat ba ako para sa kagyat na pinansyal na tulong?

Sa ilalim ng sistema ng VOCC, maaari kang maging marapat para sa kagyat na pinansyal na tulong kung dumaranas ka ng paghihirap o di-inaasahang mga gastusin pagkatapos ng isang krimen (tinatawag na mga gastusing 'out-of-pocket' (babayaran mo).

Maaaring kabilang sa mga gastusing out-of-pocket ang kawalan ng kita/sahod, kawalan o pinsala sa iyong mga ari-arian (gaya ng telepono), gastusing medikal, at sa ilang mga kaso, gastos sa paglipat at/o seguridad. Dapat kang humingi ng legal na payo bago gumawa ng aplikasyon para sa kagyat na pinansyal na tulong.

Ano ang mangyayari kapag naisumite na ang aking aplikasyon para sa VOCC?

Kapag naisumite na ang iyong aplikasyon para sa VOCC, sisimulan ng CVSU ang pangongolekta ng ebidensya na susuporta sa iyong aplikasyon, kabilang ang mga medikal na ulat, ulat ng pulisya, at iba pang ebidensya. Gagamitin ng CVSU ang impormasyong ibinigay sa iyong aplikasyon para sa VOCC, pati rin ang anumang ebidensyang nakolekta, upang magpasya kung maggagawad ng VOCC.

Habang iniimbestigahan ng CVSU ang iyong aplikasyon, dapat mong tiyakin na:

- Panatilihin nasapanahon ang iyong mga detalye ng pagkontak sa iyong abogado (kung pipiliin mong gumamit ng abogado) at/o sa CVSU; at
- Dumalo sa anumang mga appointment na isasaayos ng CVSU bilang pagsuporta ng iyong aplikasyon para sa VOCC, gaya ng isang pagtasang siklohikal.

Kung magtatagumpay ang aking aplikasyon para sa VOCC, magkano ang tatanggap kong kompensasyon?

Sa ilalim ng sistema ng VOCC, ang pinakamalaking halaga na maaaring igawad sa iyo ay \$40,000, na maaaring kasali ang hanggang \$10,000 para sa pagkawala ng pinansya.

Para sa mga aplikasyon para sa kagyat na pinansyal na tulong, ang pinakamalaking halaga na maaari mong matanggap bilang naunang kabayaran ay \$5,000.

Ang iginawad na VOCC sa akin ay binawasan o tinanggihan – bakit?

Mahalagang malaman na ang mga batas ng VOCC ay naglilista ng ilang mga sitwasyon kung saan ang isang iginawad na kompensasyon ay dapat o maaaring bawasan o tanggihan.

Ang iginawad na VOCC ay **maaaring** bawasan sa mga kadahilanang kabilang ang:

- Ikaw ay direkta o di-direktang naging dahilan ng pinsala o kawalan, kabilang ang paglahok sa marahas na kilos; at/o
- Ang kompensasyon ay malamang pakinabangan ng nagkasala dahil sa kasalukuyan mong ugnayan sa kanya.

Ang paggawad ng VOCC ay **dapat** tanggihan sa mga kadahilanang kabilang ang:

- Hindi mo isinumbong sa NT Police ang marahas na kilos sa loob ng makatwirang panahon;
- Hindi mo tinulungan ang NT Police sa imbestigasyon o pag-uusig ng marahas na kilos; at/o
- Kumbinsido ang CVSU na wala kang karapatan sa kompensasyon.

May mga mahahalagang eksepsyon sa mga bagay-bagay sa itaas, kaya mahalagang humingi ka ng legal na payo sa lalong madaling panahon.

Hindi ako sang-ayon sa desisyon ng CVSU – ano ang magagawa ko?

Kung ikaw ay hindi nasiyahan sa ginawang desisyon tungkol sa iyong aplikasyon para sa VOCC, may karapatan kang mag-apela sa NT Civil and Administrative Tribunal (**NTCAT**).

Mayroon kang 28 araw mula sa petsa na natanggap mo o ng iyong abogado ang desisyon ng CVSU para magharap ng iyong apela – nangangahulugan ito na dapat kang humingi ng legal na payo **sa lalong madaling panahon**.

Saan galing ang pera para sa VOCC?

Sa NT, ang pera para sa VOCC ay nanggagaling mula sa Victims Levy (Pataw na Buwis para sa mga Biktima) –natatanging pera na binubuo ng mga bagay tulad ng mga multa sa korte at trapiko.

Kung tatanggap ka ng kompensasyon, maaaring gumawa ng legal na aksyon ang CVSU upang habulin ang perang ito mula sa nagkasala – ito ay tinatawag na 'recovery' (pagkuhang muli). Kung ikaw ay may takot tungkol sa iyong kaligtasan sa recovery, dapat kang makipag-usap sa isang abogado tungkol sa iyong mga opsyon.

Pagpapayo at suporta

Lahat ng mga biktima ng mararahas na kilos, ang kanilang mga kamag-anak at malalapit na kaibigan ay may karapatan sa libreng pagpapayo – maaari kang tumanggap nang gaano man karaming pagpapayo na kailangan mo. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang **CatholicCare** NT sa 1800 899 855.

Kailangan mo ba ng legal na payo o tulong? Maaari mong kontakin ang TEWLS para sa walang bayad na appointment.

Ph: **1800 234 441** (freecall) or **(08) 8982 3000** | E: admin@tewls.org.au
W: www.tewls.org.au | A: **17 Lindsay Street, Darwin NT 0800**



**TOP END WOMEN'S
LEGAL SERVICE INC.**
FREE LEGAL ADVICE FOR WOMEN
Advice | Information | Referral | Advocacy



Proudly supported by
**NORTHERN
TERRITORY
GOVERNMENT**